Mensahe Labing-isa

## Sina Boaz at Ruth Sumasagisag kay Kristo at sa Ekklesia

Babasahin sa Kasulatan: Ruth 1:16-17; 2:1-3, 13-16; 3:9, 12, 15; 4:1-17, 21-22

**I. Sa simula at katapusan ng bahagi ng kasaysayan ng Israel mula Josue hanggang Ruth ay may dalawang prominenteng tao na sumasagisag kay Kristo; ang mga taong ito ay sina Josue at Boaz, na sumasagisag sa dalawang aspekto ng isang tao—Josue 1:1; Ruth 4:21-22:**

A. Sa simula ay isinasagisag ni Josue si Kristo sa pagdadala sa piniling bayan ng Diyos tungo sa mga itinalagang pagpapala ng Diyos; gaya ng isinagisag ni Josue, dinala tayo ni Kristo sa mabuting lupain, inangkin Niya ang lupain para sa atin, at inilaan ang lupain sa atin bilang ating mana para sa ating pagtatamasa; natamo ni Kristo ang mabuting lupain para sa atin, at kalaunan, Siya ang mabuting lupain upang ating tamasahin.

B. Sa katapusan ay isinasagisag ni Boaz si Kristo bilang ating Asawang Lalaki para sa ating kasiyahan.

**II. Sa aklat ng Ruth, isinasagisag ni Boaz si Kristo sa mga sumusunod na aspekto:**

A. Bilang isang tao, sagana sa kayamanan at bukas-palad sa pagbibigay (2:1, 14-16; 3:15), isinasagisag ni Boaz si Kristo, na ang mga dibinong kayamanan ay hindi malirip at na nangangalaga sa nangangailangang bayan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang masaganang panustos (Efe. 3:8; Luc. 10:33-35; Fil. 1:19).

B. Bilang kamag-anak (Ruth 2:3; 3:9, 12) na tumubos sa naiwalang karapatan sa ari-arian ni Mahlon at kumuha sa balo ni Mahlon, si Ruth, bilang kanyang asawang babae para sa pagbubunga ng mga kinakailangang tagapagmana (4:9-10, 13), isinasagisag ni Boaz si Kristo, na tumubos sa ekklesia at ginawang kapareha ang ekklesia para sa Kanyang paglaki (Efe. 5:23-32; Juan 3:29-30).

C. Ayon sa aklat ng Ruth, tinubos ni Boaz si Ruth at tinubos ang kanyang karapatan ng pagkapanganay; kaya, siya ay naging isang tanyag na ninuno ni Kristo—4:1-17, 21-22; Mat. 1:5-6:

1. Bilang isang kapatid at isang Boaz, dapat mong pangalagaan ang karapatan ng pagkapanganay ng iba, hindi lamang ang iyong sariling karapatan ng pagkapanganay; sa ibang salita, hindi mo lamang dapat pangalagaan ang iyong sariling pagtatamasa kay Kristo bagkus ang pagtatamasa rin ng iba kay Kristo—Efe. 3:2; 1 Ped. 4:10-11; Mat. 24:45-47.
2. Ipagpalagay na ang ilang minamahal na kapatid sa buhay-ekkesia ay naging gaya ni Ruth, naiwawala ang pagtatamasa ng kanilang karapatan ng pagkapanganay, ang pagtatamasa nila kay Kristo; kailangan nating magkaroon ng maraming Boaz sa buhay-ekklesia upang dalhin ang mga minamahal na banal na ito pabalik sa pagtatamasa kay Kristo.
3. Sinasabi sa atin ng aklat ng Ruth na may isa pang kamag-anak na mas malapit kay Ruth kaysa kay Boaz, subalit ang taong iyon ay makasarili; pinangalagaan lamang niya ang kanyang sariling pagkapanganay:
   a. Dapat pangalagaan ng ilang kapatid na lalaki ng mga tila ba dukhang "Ruth" sa buhay-ekklesia, subalit sila ay makasarili sa espiritwal na pagtatamasa kay Kristo—Ezek. 34:2-23.
   b. Ang isang tunay na Boaz at mayaman sa pagtatamasa kay Kristo ay nagbabayad ng halaga upang dalhin ang gayong mga banal sa lubos na pagtatamasa kay Kristo; sa pamamagitan ng pagpapastol sa iba sa ganitong paraan, siya ay magkakaroon ng higit pang pagtatamasa kay Kristo, ang pinakadakilang pagtatamasa kay Kristo; araw-araw ay dapat nating pangalagaan ang pagtatamasa ng iba kay Kristo—Kaw. 11:25; Gawa 20:35; 1 Ped. 5:1-4.

D. Ang mga naging gaya ni Boaz ay mga haligi sa buhay-ekklesia (isa sa mga haligi sa templo ay pinangalanang "Boaz"—1 Hari 7:21); sa mga Kasulatan, ang haligi ay isang tanda, isang patotoo, ng pagtatayo ng Diyos sa pamamagitan ng transpormasyon sa pagsasagawa ng buhay-

Katawan—Gen. 28:22a; 1 Hari 7:15-22; Gal. 2:9; 1 Tim. 3:15; Apoc. 3:12; Roma 12:2; Efe. 4:11-12:

1. Ang mga haligi sa buhay-ekklesia ay palaging nasa ilalim ng paghahatol ng Diyos (tanso), natatanto na sila ay mga taong nasa laman, hindi karapat-dapat sa anuman maliban sa kamatayan at paglilibing—Aw. 51:5; Exo. 4:1-9; Roma 7:18; Mat. 3:16-17:
   a. Dapat nating hatulan ang ating sarili na mga walang anuman at na kwalipikado lamang na maipako sa krus; anuman tayo, iyon ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, at hindi tayo ang nagpapagal kundi ang biyaya ng Diyos—1 Cor. 15:10; Gal. 2:20; 1 Ped. 5:5-7.
   b. Ang dahilan kapwa ng pagkabaha-bahagi at kawalan ng bunga sa gitna ng mga mananampalataya ay dahil walang tanso, walang anumang paghahatol ng Diyos; sa halip, may kapalaluan, pagmamapuri sa sarili, pagtatanggol sa sarili, pag-aaring matuwid sa sarili, pag-aproba sa sarili, pagdepensa sa sarili, sariling-katuwiran, pagkokondena sa iba, at pagreregula sa iba sa halip na pagpapastol at paghahanap sa kanila—Mat. 16:24; Luc. 9:54-55.
   c. Kapag iniibig natin ang Panginoon at nararanasan Siya bilang isang tao ng tanso (Ezek. 40:3), Siya ay magiging ating di-pangkaraniwang pag-ibig, di-nalilimitahang kahinahunan, di-mapapantayang katapatan, lubos na pagpapakumbaba, sukdulang kadalisayan, pinakamataas na kabanalan at katuwiran, at ang ating kaningningan at pagkamatuwid—Fil. 4:5-8.
2. Sa mga kapitel ng mga haligi sa templo, may mga “lambat na nilala [gaya ng balag], at may mga tirintas na yaring tanikala”; ang mga ito ay sumasagisag sa mga masalimuot at sala-salabid na sitwasyon kung saan ang mga haligi sa pagtatayo ng Diyos ay namumuhay at nagpapasan ng responsabilidad—1 Hari 7:17; 2 Cor. 1:12; 4:7-8.
3. Sa itaas ng mga kapitel ay may mga liryo at mga granada—1 Hari 7:18-20:
   a. Ang mga liryo ay sumasagisag sa isang buhay ng pananampalataya sa Diyos, isang buhay ng pamumuhay sa kung ano ang Diyos sa atin, hindi sa kung ano tayo; ang tanso ay nangangahulugang “hindi ako,” at ang liryo ay nangangahulugang “kundi si Kristo”—A. A. 2:1-2; Mat. 6:28, 30; 2 Cor. 5:4; Gal. 2:20.
   b. Ang mga granada sa mga tirintas sa mga kapitel ay sumasagisag sa kapuspusan, kasaganaan at kagandahan, at kahayagan ng mga kayamanan ni Kristo bilang buhay—Fil. 1:19-21a; Efe. 1:22-23; 3:19.
   c. Sa pamamagitan ng pagkukrus ng mga lambat at paglilimita ng yaring tanikala, tayo ay makapamumuhay ng isang dalisay, simpleng buhay na nagtitiwala sa Diyos upang ihayag ang mga kayamanan ng dibinong buhay ni Kristo para sa pagtatayo ng Diyos sa buhay.

**III. Sa maningning at mahalimuyak na kuwentong ito, si Ruth ay sumasagisag sa ekklesia sa mga sumusunod na paraan:**

A. Si Ruth, isang babaeng na kay Adam sa paglikha ng Diyos at isang Moabita (isang makasalanan) sa pagkatisod ng tao, sa gayon ay nagiging isang lumang tao na may dalawang aspektong ito, ay sumasagisag sa ekklesia, bago ng kanyang kaligtasan, bilang mga tao sa paglikha ng Diyos at mga makasalanan sa pagkatisod ng tao na “ating lumang tao”—Roma 6:6.

B. Si Ruth, ang balo ng yumaong asawang lalaki, na tinubos ni Boaz, na nagbayad ng pagkakautang ng kanyang yumaong asawang lalaki para sa pagbawi ng nawalang karapatan sa ari-arian ng kanyang yumaong asawang lalaki (Ruth 4:9-10), ay sumasagisag sa ekklesia na taglay ang kanyang lumang tao bilang kanyang naipakong asawang lalaki (Roma 7:4a; 6:6) na tinubos ni Kristo, na naglinis ng kasalanan ng kanyang lumang tao (Juan 1:29) para sa pagbawi ng nawalang karapatan ng kanyang natisod na natural na taong nilikha ng Diyos (Gen. 1:26; Isa. 54:5).

C. Si Ruth, matapos tubusin ni Boaz, na naging bagong asawang babae sa kanya (Ruth 4:13) ay sumasagisag sa ekklesia, matapos maligtas, sa pamamagitan ng pagkasilang na muli ng natural na tao ng ekklesia (Juan 3:6b), ay nagiging kapareha ni Kristo (b. 29a; Roma 7:4).
D. Si Ruth, na piniling sumunod kay Naomi sa lupain ng Israel (Ruth 1:16-17) at naiugnay kay Boaz, ay sumasagisag sa mga makasalanang Hentil na naihugpong kay Kristo (2 Cor. 1:21) upang sila ay makabahagi sa mana ng pangako ng Diyos (Efe. 3:6).

**IV. Ang larawan ni Boaz (sumasagisag kay Kristo bilang ating bagong Asawang Lalaki) at ni Ruth (sumasagisag sa ekklesia taglay ang kanyang lumang tao bilang ang kanyang naipako sa krus na asawang lalaki) ay sinalita ni Pablo sa Roma 7:1-6:**

A. Sa paglikha ng Diyos, ang orihinal na posisyon ng tao ay yaong isang asawang babae; sinasabi ng Isaias 54:5 na ang Diyos na ating Manlilikha ay ang ating Asawang Lalaki; bilang isang asawang babae ng Diyos, kailangan tayong dumepende sa Kanya at kunin Siya bilang ating Ulo.
B. Nang matisod ang tao, kinuha niya ang ibang posisyon, ang mapagsariling-palagay na posisyon ng lumang tao (ang ating mismong katauhan na nilikha ng Diyos subalit natisod dahil sa kasalanan); ang taong nilikha ng Diyos ay isang asawang babae, subalit ang natisod na tao ay naging malaya mula sa Diyos at ginawang ulo ang kanyang sarili bilang ang asawang lalaki.
C. Yamang ang ating lumang tao, na siyang ang lumang asawang lalaki, ay naipako na sa krus kalakip ni Kristo (Roma 6:6), tayo ay napalaya mula sa kanyang kautusan (7:2-4) at naihugpong sa bagong Asawang Lalaki, si Kristo, bilang ang laging nabubuhay na Isa.
D. Bilang mga mananampalataya, tayo ay may dalawang katayuan:
   1. Taglay natin ang ating lumang katayuan bilang ang natisod na lumang tao, na nag-iwan ng orihinal na posisyon ng isang asawang babae, na dumedepende sa Diyos, at kinuha ang mapagsariling-palagay na posisyon ng isang asawang lalaki at ulo, na malaya mula sa Diyos.
   2. Taglay natin ang ating bagong katayuan bilang ang naisilang na muling bagong tao, naipanumbalik sa ating orihinal at wastong posisyon bilang ang tunay na asawang babae ng Diyos (Isa. 54:5; 2 Cor. 11:2-3), dumedepende sa Kanya at kinukuha Siya bilang ating Ulo.
E. Wala na tayong lumang katayuan ng asawang lalaki, sapagkat tayo ay naipako na sa krus (Gal. 2:20; Roma 6:6); mayroon lamang tayo ngayong bagong katayuan ng wastong asawang babae, kung saan ay kinukuha natin si Kristo bilang ating Asawang Lalaki, at hindi na dapat mamuhay pa ayon sa lumang tao (hindi na kinukuha ang lumang tao bilang ating asawang lalaki).
F. Sa Roma 7:4 ay pinagsama ni Pablo ang isang libing at isang kasal; sa isang panig, tayo ay nailibing na; sa kabilang panig, ay kasal na tayo; tayo ay namatay ayon sa ating lumang katayuan upang tayo ay makapag-asawa ng iba ayon sa ating bagong katayuan; ayon sa ating bagong katayuan, pinakasalan natin Siya na naibangon mula sa mga patay, upang tayo ay makapamunga sa Diyos.
G. Ang ating lumang tao, ang ating lumang asawang lalaki, ay naipako na sa krus kalakip ni Kristo, upang tayo ay "maihugpong sa isa pa, sa Kanya na ibinangon mula sa mga patay, upang tayo ay makapamunga sa Diyos" (b. 4); ang ganitong paghuhugpong ay nagpapahiwatig na sa ating bagong katayuan bilang isang asawang babae, tayo ay may organikong pakikipag-isa kay Kristo sa persona, pangalan, buhay, at pag-iral sa Kanyang pagkabuhay na muli.
H. Bilang naisilang na muling bagong tao at asawang babae kay Kristo, lahat ng kung ano tayo at ginagawa ay may kaugnayan ngayon sa Diyos, at naibubunga natin ang Diyos bilang ang bunga, ang pag-apaw, ng ating buhay; ito ay kabaligtaran ng bunga na ibinunga sa kamatayan (b. 5), na dati-rati ay ibinubunga natin bilang lumang tao, ang lumang asawang lalaki.
I. Tayo ngayon ay naihugpong sa nabuhay na muling Kristo bilang ang Espiritung nagbibigay-buhay sa ating espiritu; ito ang paghuhugpong ng "Espiritu…kasama ng ating espiritu" (8:16) bilang "isang espiritu" (1 Cor. 6:17):

1. Dapat nating ibaling at ilagak ang ating buong katauhan sa pinaghugpong na espiritung ito—Roma 8:6b.
2. Dapat din tayong mamuhay at lumakad ayon sa pinaghugpong na espiritung ito—b. 4.
3. Kapag tayo ay namumuhay nang gayon sa pinaghugpong na espiritung ito, maipamumuhay natin ang Katawan ni Kristo upang maging ang sama-samang kahayagan ni Kristo para sa kaluwalhatian ng Tres-unong Diyos—Efe. 1:23; 3:21; 1 Cor. 10:31; 1 Ped. 4:11; Apoc. 21:10-11.

*© 2021 Living Stream Ministry*